

Cain at Abel

(Genesis 4:1-16)

Sina Adan at Eba ay mayroong dalawang anak. Cain ang pangalan ng panganay at Abel naman ang pangalawa.



Si Abel ay naging pastol, habang si Cain ay naging magsasaka. Dumating ang panahon na naghandog ang magkapatid sa Diyos. Si Cain ay naghandog ng kanyang ani mula sa bukid. Kinuha naman ni Abel ang isa sa mga panganay ng kanyang kawan. Pinatay niya ito at inihandog ang pinakamainam na bahagi. Ang Diyos ay nasiyahan kay Abel at sa kanyang handog, ngunit hindi niya kinalugdan si Cain at ang handog nito.

Dahil dito, hindi mailarawan ang mukha ni Cain sa tindi ng galit. Kaya't sinabi ng Diyos, "Anong ikinagagalit mo, Cain? Bakit ganyan ang mukha mo? Kung mabuti ang ginawa mo, hindi ka ba kaluluguran? Kung masama naman, ang kasalana'y tulad ng mabangis na hayop na laging nag-aabang upang lapain ka. Nais nitong pagharian ka. Kaya't kailangang mapaglaban mo ito."

Isang araw, niyaya ni Cain ang kanyang kapatid na pumunta sa bukid. Sumama naman ito, ngunit pagdating nila sa bukid ay pinatay ni Cain si Abel.

Kaya naman tinanong ng Diyos si Cain, "Nasaan ang kapatid mong si Abel?"

Sumagot siya, "Hindi ko alam. Bakit, ako ba'y tagapag-alaga ng aking kapatid?"

At sinabi ng Diyos, "Cain, ano itong ginawa mo? Sumisigaw sa akin mula sa lupa ang dugo ng iyong kapatid, at humihingi ng katarungan".

Pinarusahan ng Diyos si Cain. Sinabi ng Diyos na hindi na makakapag-ani si Cain kahit bungkalin nito ang lupa. Siya ay magpapagala-gala sa daigdig. Nilagyan ng Diyos si Cain ng palatandaan sa noo bilang babala na hindi siya dapat patayin ninuman.

Pagkatapos nito, si Cain ay umalis sa harap ng Diyos. Siya ay nagtungo sa lupain ng Nod palayo sa Diyos.



Ang Diyos ay nasisiyahan kung tayo ay nakikinig at nagtitiwala sa Kanyang salita. Ang pakikinig at pagtitiwala sa Kanyang salita ay nagbubunga ng pagsunod na makikita sa ating pangaraw-araw na pamumuhay. Pinaalalahanan ng Diyos si Cain ngunit hindi siya nakinig sa payo ng Diyos. Ginawa pa rin niya ang sariling kagustuhan. Ikaw ba ay nagtitiwala at sumusunod sa salita ng Diyos?

